**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

**PHILIPPINE ARTS 150: INTRODUKSIYON SA PAG-AARAL NG KAMANAHANG KULTURAL**
**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

GABAY SA PAG-AARAL: MODYUL 5

(JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

Introduksiyon

Ang modyul na ito ay bahagi ng *Yunit II - Kamanahang Kultural sa Pilipinas sa* silabus sa PA 150. Sa modyul na ito matutunan mo ang iba't ibang batas na naging basehan ng pangangalaga sa kamanahang kultural sa Pilipinas. Gayundin ang mga ahensiyang may tungkulin na isulong ang probisyon ng batas. Matutunan mo na maraming salik na nakakaapekto at nakakaimpluwensiya sa pagdedesisyon at pagkilos ng mg ahente ng estado sa pagganap sa tungkulin nito.

Layunin sa Pagkatuto:

Sa katapusan ng Linggo 7-8, inaasahan na ikaw ay:

1. Makapagpaliwanag ng mahahalagang probisyon ng mga batas ng Pilipinas tungkol sa pag-aaring kultural.
2. Makapagpaliwanag ang mga salik na nakaapekto desisyon ng korte patungkol sa disposisyon ng mga kaso ng ispesipikong pag-aaring kultural;
3. Makasulat ng Case Digest na maglalagom sa mga kaso ng kamanahang kultural.

Kamanahang Kultural sa Pilipinas
Nailalagay ba sa balita ang kamanahang kultural sa Pilipinas? Paano ito nababalita? Maganda o masamang balita ba ito. Sa totoo, kapag nababalita ang kamanahang kultural laging paksa ang demolisyon, pagtanggal, at pagkasira nito. Bihira ang balita tungkol sa konserbasyon at preserbasyon ng mahahalaga at makasaysayang gusali o landmark. Sinisisi ni Cruz (2019) ang politika ng gunita o "politics of memory" sa pagsira ng pag-aaring kultural para mapalitan ng bago at mas moderno.

Kahit laganap sa balita ang pagkasira ng pag-aaring kultural, mayroong batas ang Pilipinas tungo sa pagsusulong at pangangalaga nito. Layunin ng batas na isulong ang

probisyon ng Konstitusyon na natutunan mo sa Modyul 3. Itinatampok din sa mga batas ang paglikha at pagpapalakas sa mga ahensya ng pamahalaan na magsusulong ng kamanahang kultural ng bansa.

| **Gabay sa Gawain 1** |
|---|
| 1. Basahin mo ang sumusunod na probisyon ng mga batas:<br><br>a. RA 10066 - National Cultural Heritage Act of 2009<br>• Artikulo II, Sek. 3 – Definition of Terms<br>• Artikulo III, Sek. 7 – Privileges of Cultural Property,<br>• Artikulo VII-Powers of the Commission/Cultural Agencies (Sek 25-30)<br>• Artikulo XIII-Penal Provisions (Sek 48-49)<br><br>b. RA 10086 – National Historical Commission of the Philippines (NHCP 2009)<br>• Seksyon 3<br>• Seksyon 5<br>• Seksyon 7<br><br>c. RA 11333 – National Museum of the Philippines (NM 2018)<br>• Seksyon 4<br>• Seksyon 6<br>• Seksyon 7<br>• Seksyon 10<br>• Seksyon 11<br>• Seksyon 18<br>• Seksyon 25<br><br>d. RA 11194 – Gabaldon School Buildings Conservation Act 2018<br>• Seksyon 3<br>• Seksyon 4<br>• Seksyon 5<br><br>2. Maghanda sa isang maikling pagsusulit (quiz) na susubok sa mga natutunan mo sa mga batas. |
| **Format ng Pagsusulit:** 30 mins max., short answer questions |
| **Rubrik ng Pagpupuntos sa Pagsusulit (10pts):** |
| **Maayos na pagbabalangkas ng paliwanag:**<br>Lohikal at may basehan na papapaliwanag 3pts<br>Mainam na pagtalakay sa mga idea 2pts<br>Mahusay na pag-uugnay ng mga probisyon 2pts<br>Malinaw na paggamit ng wika 3pts |

<u>Ispesipikong Halimbawa ng Implementasyon at Tunggalian sa Pagpapatupad ng mga Batas hinggil sa Kamanahang Kultural</u>

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

Napansin mo bang ang usapin at pagtatalo sa pag-aaring kultural ay kadalasang nauuwi sa pagdedesisyon ng korte? Ang karapatan isang partido sa pag-aaring kultural ay laging hinahamon sa mga korte. Ang magkakatunggali o magkakampi ay ang lokal na pamahalaan at/o ang ahensya ng gobyerno. Sa gayon, mahalagang masuri mo ang ilan sa mga kasong legal patungkol sa pag-aaring kultural sa Pilipinas.

Dahil maraming kaso ang nakarating sa korte patungkol sa kamanahang kultural, mahalagang matuto ka ng paraan ng paglalagom ng mga ito. Ang case digest ay isang buod ng kasong legal na nakatuon lamang sa mahahalagang bahagi ng isang kaso. Mayroon itong tatlong (3) mahalagang bahagi: Title, Facts, Issue(s), Decision.

Makikita sa mga kasong pumapatungkol sa pag-aaring kultural ang labanan ng pribadong interes laban sa interes ng kamanahang kultural. Nagiging mahalagang usapin ang preserbasyon pag-aaring kultural laban sa pagbubuwag para palitan ng komersyal na gawain. Isang maselang desisyon ang kailangan ilapat ng korte na magbabalanse sa magkakatunggaling interes na ito.

**Gabay sa Assignment**

1. Basahin mo ang mga sumusunod na orihinal na kaso:
   a. Joya vs PCGG, G.R. No. 96541, Aug. 24, 1993;
   b. Manila Prince Hotel vs GSIS, G.R. NO. 122156. February 3, 1997;
   c. Army Navy Club of Manila Inc., v. CA (G.R. No. 110223, April 8, 1997);
   d. Knights of Rizal vs DMCI, G.R. No. 213948, April 18. 2017

2. Maghandang iulat ang iyong nasaliksik hinggil sa mga kaso. Sa bawat kaso, magbubunatan ang mga pangkat sa pagitan ng PETIONER/S at RESPONDENT/S. Iuulat ng mga pangkat ang mga naganap, usapin, at dahilan ng pagkapanalo o pagkatalo ng panig na kanilang nabunot.

**Format ng Pangkatang Pag-uulat:** Powerpoint presentation, 10 slides max, 20 mins max.

| | |
|---|---|
| **Rubrik ng Pagpupuntos para sa Pangkatang Pag-uulat (10pts):** | |
| **Pagsunod sa batayang pamantayan ng gawain** | 1pt |
| **Malinaw na paggamit ng wika** | 1pt |
| **Malikhaing presentasyon ng mga idea:** | |
| Kawili-wiling format ng pag-uulat | 2pts |
| Malikhaing biswal na presentasyon | 2pts |
| **Maayos na pagbabalangkas ng paliwanag:** | |
| Masusing pagtalakay sa mga usapin | 2pts |
| Malinaw na pagtitimbang ng mga panig | 2pts |

Binibigyang diin sa mga kaso ang mahalagang usapin tungkol sa pag-unlad at urbanisasyon. Isang halimbawa ay ang pagtatayo ng napakataas (high rise) na condominium sa likod ng monumento ni Rizal na Luneta. Mula sa tanaw ni Rizal, nahahagip o nakaharang ang itinayong condominium. Isang argumento laban sa condominium ay nasisira nito ang tanaw ng monumento Rizal, at tinawag pa

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

ngang “pambansang photo bomber.” Samantalang ayon sa kabilang panig, ang pagtatayo ng condominium ay isang tugon sa kawalan ng pabahay sa nagsisikip na espasyo ng Manila. Magdudulot din ng trabaho at hanapbuhay ang condominium sa mga mamamayan ng Manila, bukod pa sa ipapasok nitong kita para sa lokal na pamahalaan. Makikita mula sa desisyon sa kaso ng Knights of Rizal vs DMCI, G.R. No. 213948, April 18. 2017 na dahil sa mga pagbabago sa lungsod, mahalagang matiyak na hindi napag-iiwanan ang mga pag-aaring kultural

Pangwakas

Natutunan mo sa modyul na ito ang iba’t ibang batas at ahensyang may tungkulin at kapangyarihan na isulong ang proteksiyon at preserbasyon ng mga pag-aaring kultural ng bansa. Sa susunod na modyul, matutunan mo na bagaman mahuhusay ang mga batas para pangalagaan ang ating kamanahang kultural, nagkakaroon ng pagkukulang sa implementasyon nito. Gayundin, maraming salik na nakakaapekto sa pagkilos ng mga ahensiya ng gobyerno sa pagtupad nila sa kanilang tungkulin sa ilalim ng batas.

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

Mga Sanggunian:

Cruz, G. “A Review of How Philippine Colonial Experience Influenced the Country’s Approaches to Conservation of Cultural Heritage.” 12th DLSU Arts Congress De La Salle University, Manila, Philippines February 20, 21 and 22, 2019.

RA 10066 - National Cultural Heritage Act of 2009 http://gwhs-stg02.i.gov.ph/~s2govnccaph/republic-act-no-10066/

RA 10086 – National Historical Commission of the Philippines (NHCP 2009) https://nhcp.gov.ph/about-us/

RA 11333 – National Museum of the Philippines (NM 2018). https://www.officialgazette.gov.ph/2019/04/26/republic-act-no-11333/

RA 11194 – Gabaldon School Buildings Conservation Act 2018. https://www.officialgazette.gov.ph/2019/01/18/republic-act-no-11194/

Joya vs PCGG, G.R. No. 96541, Aug. 24, 1993 https://lawphil.net/judjuris/juri1993/aug1993/gr_96541_1993.html

Manila Prince Hotel vs GSIS, G.R. NO. 122156. February 3, 1997 https://www.chanrobles.com/cralaw/1997februarydecisions.php?id=86

Army Navy Club of Manila Inc., v. CA ( G.R. No. 110223, April 8,

1997) https://www.chanrobles.com/cralaw/1997aprildecisions.php?id=271

Knights of Rizal vs DMCI, G.R. No. 213948, April 18. 2017 https://www.chanrobles.com/cralaw/2017aprildecisions.php?id=328

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)